



United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pamamahala ng Ipot ng Manok at Litter

Kapag nagpapalaki o nangangasiwa ka ng manukan, kailangan mong harapin ang ipot ng manok. Depende sa kung paano mo palakihin ang iyong mga ibon, maaaring kailangan mo ring itapon ang ginamit na mga litter ng manok. Ang pamamahala ng mga materyal na ito nang maayos ay isang pangunahing bahagi ng biosecurity. Ang avian influenza virus ay maaaring mabuhay sa ipot ng manok at litter ng mahabang panahon, at ang mga bagay na ito ay maaaring magdala ng iba pang mga kontaminasyon.

Kaya, paano mo pinamamahalaan ng ligtas ang ipot ng manok at litter? Maaari kang gumawa ng ilang mga simpleng hakbang upang maprotektahan ang iyong kawan araw-araw at magplano nang maaga upang bantayan sila mula sa pagkalat ng sakit sa panahon ng biglang paglabas ng sakit.



Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihin malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

Numero ng Telepono

Beterinaryo

Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba

Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok

USDA

---

---

---

866.536.7593



Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman



# ✓ Checklist: Pamamahala ng Ipot ng Manok at Litter

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpaparami na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- Suriin ang iyong lugar at mga pagpipilian para sa pag-alis, pag-iimbak, at pagtatapon ng ipot ng manok at ginamit na litter.** Ito ay maaaring nasa lugar o wala sa lugar. Ang tamang diskarte ay nakasalalay sa mga species at bilang ng mga ibon at uri ng sistema ng pabahay sa iyong pasilidad.
- Tukuyin ang saklaw:** Anong mga uri ng ipot ng manok at litter ang kailangan mong pamahalaan sa iyong lugar, at kung ilan ang naipon sa isang naitakdang oras?
- Mag-set up ng mga karaniwang pamamaraan na sumasaklaw sa mga pangunahing kaalaman:**
  - Pagkolekta, transportasyon, pag-iimbak, at/o paggamit ng ipot ng manok
  - Anumang mga batas sa Estado o lokal na naaangkop
  - Probleman pangkalikasan
  - Pagkontrol ng ligaw na hayop, insekto, at hayop na gaya ng daga
- Bumuo ng isang backup na plano para sa pangmatagalang imbakan sa isang mahabang pagkalat ng sakit.** Ang pagkalat o pag-iimbak ng ipot ng manok at litter sa labas ng lugar ay maaaring hindi pinapayagan depende sa panganib ng pagkalat ng virus.
- Linisin at disimpektahin ang** anumang mga sasakyan at kagamitan na ginagamit sa pag-alis ng ipot ng manok BAGO sila dumating sa lugar.
- Alisin ang lahat ng ipot ng manok at litter mula sa bahay ng manok at gumawa ng isang kumpletong paglilinis at pagdidisimpekta **bago magdagdag ng anumang mga ibon.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatiliing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang [www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock](http://www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock).

